3

Republic of the Philippines
Department of Education
**NATIONAL CAPITAL REGION**
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 3 WEEK 1


DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:

| | |
|---|---|
| Writer: | JESSETH D. PUADA |
| Illustrator: | MARJORIE B. PELECIA |
| Layout Artist: | JENEL R. SECILLANO |
| Language Editors: | NICELDA C. GALLEGO, MILLIE B. VALENZUELA, LEA G. YNOTA |
| Management Team: | Dr. MALCOLM S. GARMA, Regional Director - NCR |
| | Dr. JOEL T. TORRECAMPO, SDS SDO - Las Piñas City |
| | Dr. GENIA V. SANTOS, CLMD Chief - NCR |
| | Mr. JUAN C. OBIERNA, CID-Chief, SDO - Las Piñas |
| | Dr. GLORIA G. TAMAYO, EPS in Filipino - NCR |
| | Dr. DENNIS M. MENDOZA, LR EPS - NCR |
| | Dr. MACARIO D. PELECIA JR, EPS in Filipino - SDO Las Piñas |
| | Dr. MARY JANE R. TUBELLO, LR EPS - SDO Las Piñas |
| | NANCY C. MAGBUNGA, Librarian - NCR |
| | ELAINE MARGARETT BAGUIO, PDO SDO – Las Piñas |
| | ANA S. MAONTANES, Librarian SDO – Las Piñas |



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili

## Aralin 1: Tambalang Salita

**Inaasahan:** Natutukoy ang kahulugan ng tambalang salita na nananatili ang kahulugan. (F3PT-IIIc-i-3.1)

### Unang Pagsubok

**Panuto:** Pumili ng angkop na salita sa kanan na maaring itambal sa unang salita upang makabuo ng tambalang salita.

| | |
|---|---|
| 1. damit-________ | A. bakasyunan |
| 2. bahay-______ | B. bayan |
| 3. bayad-_______ | C. pampaligo |
| 4. balik-_________ | D. dagat |
| 5. tabing-________ | E. utang |

### Balik-Tanaw

Noong nakaraang aralin, napag-aralan natin ang mga salitang naglalarawan ng tao, bagay, hayop at lugar. May mga salitang naglalarawan sa tambalang salitang maaaring gamitin sa ating aralin ngayon.

### Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Ang **tambalang salita** ay binubuo ng dalawang magkaibang salitang pinagsama. May mga tambalang salita na taglay ang kahulugan ng dalawang salita.

### Gawain 1

**Panuto**: Isulat sa patlang ang letra ng tamang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap.

________1. Masikip na ang kanyang <u>damit-pantrabaho</u>.
A. damit pantulog
B. damit sa pagtatrabaho
C. damit pambahay

________2. Sari-saring gulay ang nakatanim sa aming likodbahay.
A. gulayan B. halamanan C. likod ng bahay

________3. Ang pagsusuot ng Barong Tagalog ay nagpapakita ng pagka- Pilipino.
A. kasuotang Pilipino
B. kasuotang Amerikano
C. kasuotang Hapones

________4. Ano ang hanapbuhay ng tatay mo sa ibang bansa?
A. laro B. trabaho C. inumin

________5. Nasasabik nang pumasok ang mga mag-aaral sa kanilang silid-aralan.
A. silid para sa mga guro
B. silid na pinag-aaralan
C. silid para sa mga maysakit

## Gawain 2

**Panuto:** Hanapin ang kahulugan ng tambalang salita at isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

| | A | B |
|---|---|---|
| ________ | 1. takdang-aralin | A. bahay na pinauupahan |
| ________ | 2. bahay-paupahan | B. pagbabalik sa paaralan |
| ________ | 3. balik-eskuwela | C. itinakdang gawain |
| ________ | 4. balik-aral | D. paglipat ng bahay |
| ________ | 5. lipat-bahay | E. pag-aaral muli ng dating aralin |

## Gawain 3

**Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang kahulugan ng sumusunod na tambalang salita.

1. lakbay-aral
   A. pamamasyal sa mga kilalang lugar
   B. pamamasyal sa parke, palaruan at kainan
   C. pag-aaral sa pamamagitan ng paglalakbay

2. tubig-alat
   A. tubig na may asin
   B. tubig mula sa gripo
   C. tubig mula sa dagat

3. silid-tulugan
   A. silid na tinutulugan
   B. silid na kinakainan
   C. silid na pinaglulutuan

4. kapitbahay
   A. malayong bahay
   B. bahay sa kabilang ibayo
   C. kalapit na bahay

5. anak-mayaman
   A. nagmula sa mayamang pamilya
   B. nagmula sa kilalang pamilya
   C. nagmula sa mahirap na pamilya

## Tandaan

Ang tambalang salita ay binubuo ng dalawang magkaibang salitang pinagsama upang makabuo ng isang salita.

May mga tambalang salita na kapag pinagsama ang dalawang salita, nananatili ang kahulugan nito.

Halimbawa: halamang-gamot
kapitbahay

## Pag-alam sa Natutuhan

**A. Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na tambalang salita.

1. bahay-langgam - ______________________
2. hapag-kainan - _________________________
3. damit-pangkasal - _______________________
4. balik-bayan - __________________________
5. tabing-dagat - _________________________

**B. Panuto**: Hanapin sa hanay **B** ang kahulugan ng sumusunod na tambalang salita sa hanay **A**. Isulat sa patlang ang tamang letra.

| A | B |
|---|---|
| __________1. taong bundok | A. tabi ng kalsada |
| __________2. tabing-kalsada | B. nakatira sa bundok |
| __________3. ingat-yaman | C. silid na kinakainan |
| __________4. silid-kainan | D. tabi ng ilog |
| __________5. tabing-ilog | E. tagapag-ingat ng kayamanan |


**C. Panuto:** Kilalanin ang mga larawan. Isulat ang sumusunod sa:
A. Isulat ang tambalang salitang mabubuo
B. Ibigay ang kahulugan

Halaw sa: Canva Philippines Education

.1.  

A.______________________

B.______________________

2.  

clipart panda free

A.______________________

B.______________________

A.______________________

B. ______________________

3.

.

Halaw sa: Canva Philippines Education

4.  

A.______________________

B.______________________

**5.**  

A. ______________________

B.______________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**A. Panuto:** Basahin ang pangungusap. Piliin sa loob ng kahon at isulat ang letra ng kahulugan ng tambalang salitang may salungguhit.

| |
|---|
| A. sulat ng kamay |
| B. damit na isinusuot sa pagtulog |
| C. silid na kinalalagyan ng mga aklat |
| D. gawa ng tao |
| E. bahay na tinitirhan ng mga ulila |

_________________1. Gawang-tao ang hagdan-hagdang palayan sa Banaue.

_________________2. Tahimik na nagbabasa ang mga bata sa silid-aklatan.

_________________3. Maganda at malinis ang kanyang sulat-kamay.

_________________4. Masayang naglalaro ang mga bata sa bahay-ampunan.

_________________5. Pagkatapos ng hapunan, si Abe ay naglinis ng kanyang katawan at nagbihis na ng damit-pantulog.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

**B. Panuto**: Pagtambalin ang tambalang salita at ang kahulugan. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

| A | B |
|---|---|
| _________ 1. hanapbuhay | A. gawain o trabaho |
| _________ 2. halamang-gamot | B. magkahawak ang kamay |
| _________ 3. hawak-kamay | C. araling itinakdang gawin |
| _________ 4. gawaing-bahay | D. halamang nakagagamot |
| _________ 5. takdang-aralin | E. mga gawain sa bahay |

**C. Panuto:** Bumuo ng tambalang salita gamit ang sumusunod na salita at ibigay ang kahulugan nito.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| bahay | hugis | kubo | pasyalan | puso |
| damit | kamay | pambahay | pook | sulat |

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ____________________________________________

**Susi sa Pagwawasto**

| Unang pagsubok | Gawain 1 | Gawain 2 | Gawain 3 |
|---|---|---|---|
| 1. C | 1. B | 1. C | 1. C |
| 2. A | 2. C | 2. A | 2. C |
| 3. E | 3. A | 3. B | 3. A |
| 4. B | 4. B | 4. E | 4. C |
| 5. D | 5. B | 5. D | 5. A |

**Pag-alam sa Natutuhan**

A.1. bahay ng langgan
2. mesang kinakainan
3. damit na para sa ikakasal
4. bumalik ng bansa
5. tabi ng dagat

**Pag-alam sa Natutuhan**

B.1. B
2. A
3. E
4. C
5. D

**C. Pag-alam sa Natutuhan**

Maaring sagot:

A.1. isip-bata
2. kaning-lamig
3. kapitbahay
4.bungangkahoy
5. taong-bahay

B.1. batang mag-isip
2. malamig na kanin
3. kalapit na bahay
4. bunga ng puno
5. taong naiwan sa bahay

Sanggunian: Canva Philippines Education, SCRIBD

**Pangwakas na Pagsusulit**

A. 1. D
2. C
3. A
4. E
5. B

**Pangwakas na Pagsusulit (maaaring sagot)**

| | | |
|---|---|---|
| B. 1. A | C.1.damit- pambahay: | damit na sinusuot sa loob ng bahay |
| 2. D | 2. sulat-kamay | :sinulat ng kamay |
| 3. B | 3. hugis-puso | : korteng puso |
| 4. E | 4. bahay-kubo | : kubo na yari sa pawid at kawayan |
| 5. C | 5. pook-pasyalan | : lugar na pinapasyalan |